



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-52 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-9 NA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 29, 2017, IKA - 2:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Pangalawang Punong Bayan Jackson Cinco Dy	- Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal David D. De la Cruz	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Ruel S. Taytay	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Gualberto V. Magno	
Konsehal Joseph M. Galicia	- Pangulo, Liga ng mga Barangay


Hindi Nakadalo: Konsehal John-John S. Yason

KAPASYAHAN BLG. 062

Taong 2017

KAPASYAHANG NAGPAPAHAYAG NG PAGKILALA SA TAGUMPAY NI
G. MARCO RAGASA VILOG SA IDINAOS NA IKA-29 SOUTH EAST ASIAN
GAMES SA KUALA LUMPUR, MALAYSIA.

- SAPAGKAT, sa mahabang panahon ng kanyang paninirahan sa bayan ng Roxas, si G. Marco Ragasa Vilog ay itinuring na anak ng bayan ng Roxas;
- SAPAGKAT, siya ay naging kinatawan ng distrito ng Roxas sa Provincial Meet, MIMAROPA Meet at Palarong Pambansa;
- SAPAGKAT, dahil sa kanyang pagsisikap, nagawa niyang pagsabayin ang pag-eensayo at pag-aaral kung kaya't siya ay nagtapos sa kursong Bachelor of Science in Criminology sa Lyceum of the Philippines at naging miyembro ng Philippine Track and Field Team;
- SAPAGKAT, sa idinaos na South East Asian Games sa Kuala Lumpur, Malaysia noong ika-19 hanggang ika-30 ng Agosto, 2017, siya ay nagkamit ng medalyang pilak sa larangan ng 800-meter dash;
- SAPAGKAT, ang nakamit na tagumpay ni G. Marco Ragasa Vilog bilang isang Roxaseño ay karangalan ng Bayan ng Roxas at nararapat lamang na siya ay bigyan ng pagpupugay ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.
- DAHIL DITO, sa mungkahi ng lahat -


FERDINAND V. TALENS, MPA



JACKSON C. DY

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na kilalanin ng Sangguniang Bayan ng Roxas ang tagumpay ni G. Marco Ragasa Vilog sa idinaos na 2017 South East Asian Games sa Kuala Lumpur, Malaysia.

IPINASIYA RIN, na bigyan ng sipi ng kapasyahang ito si G. Marco Ragasa Vilog para sa kanyang kaalaman.

Pinagtibay : 29 Agosto 2017

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


JACKSON CINCO DY
Pangalawang Punong Bayan

mmf/08302017